# LA County Small Business Resiliency Fund: Gabay sa Aplikasyon

department of economic opportunity

COUNTY OF LOS ANGELES

# Pangkalahatang-ideya ng Programa

**Ang LA County Small Business Resiliency Fund (SBRF)** ay isang programa ng grant mula sa Los Angeles County Department of Economic Opportunity na nagbibigay ng hanggang $5,000 na pinansyal na tulong sa maliliit na negosyo na nakaranas ng pagkawala ng manggagawa, pagbaba ng customer, pinsala sa ari-arian, o pagkawala ng kita simula Hunyo 2025 bilang resulta ng mga hakbang ng pagpapatupad sa imigrasyon. Ang tulong na ito ay layong makatulong sa mga negosyo na makabangon mula sa biglaang pangyayari na nakaapekto sa kanilang operasyon.

Tumatanggap ng aplikasyon mula **9:00 AM PST ng Setyembre 29, 2025 hanggang Oktubre 31, 2025 sa ganap na 5:00 PM PST**. Aabutin ng humigit-kumulang 15-20 minuto upang makumpleto ang aplikasyon. Kung kinakailangan, maaari mong i-save ang iyong progreso at bumalik mamaya.

## Mga Kinakailangan sa Pagiging Karapat-dapat

**Kasama sa mga kuwalipikadong negosyo ang mga tindahang may pisikal na lokasyon, mga independiyenteng kontratista, mga naglalako o mobile vendors, at mga kuwalipikadong home-business na tumutugon sa sumusunod na mga pamantayan:**

- Negatibong naapektuhan ng mga hakbang ng pagpapatupad sa imigrasyon
- May punong tanggapan sa California at nag-ooperate sa LA County bago ang Hunyo 1, 2025
- Taunang kabuuang kita ay dapat $6 milyon pababa
- Dapat may 100 o mas kaunting empleyado ang Negosyo
- Ang aplikante ng grant ay dapat pangunahing may-ari ng Negosyo
- Ang negosyo ay dapat pangunahing pinagkukunan ng kita ng may-ari noong 2024 tax year
- Ang negosyo ay dapat kasalukuyang aktibo at maayos ang operasyon at sumusunod sa lokal,pambansa, at pederal na awtoridad sa buwis at lisensya
- Ang negosyo ay HINDI kabilang sa listahan ng hindi kuwalipikado

## Saan Mag-aapply

Maaari kang mag-apply online sa:: **https://lacsmallbizresiliency.aidkit.org/apply**

💡**Kailangan ng tulong?** Kung nagkakaroon ka ng teknikal na problema sa pagsusumite ng iyong aplikasyon o may mga pangkalahatang tanong, maaari mong kontakin ang AidKit Support team:

📞 Magtext o Tumawag: (213) 770-6148 o
📧Email: support@lacsmallbizresiliency.aidkit.org

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa **Tanggapan ng Maliit na Negosyo** para sa mga pangkalahatang tanong sa:

📞 Tawag: (844)-432-4900 (8:30am to 4:00pm) o
📧 Email: osb@opportunity.lacounty.gov.

## Mga Detalye ng Pondo

Ang mga kuwalipikadong aplikasyon ay rerepasuhin at bibigyan ng marka batay sa pamantayang itinakda ng County ng Los Angeles. Kung maraming aplikante ang may parehong marka, gagamitin ang bunutan upang pumili.

Ang mga kuwalipikadong negosyo ay maaaring makatanggap ng hanggang **$5,000** kung nag-ooperate mula sa isang pisikal na komersyal na lugar, o **$2,500** kung independiyenteng kontratista, naglalako sa bangketa, o kuwalipikadong home-based business.

Inaasahang ipapadala ang mga abiso ng grant pagsapit ng huling bahagi ng Nobyembre/ Disyembre 2025 matapos ang proseso ng pagsusuri at pagpili.

## Mga Kinakailangang Dokumento para Kumpletuhin ang Aplikasyon:

- Ang aplikasyon ay nangangailangan ng mga partikular na dokumento.
- Sa lahat ng dokumento, tiyakin na nakikita ang pangalan ng iyong negosyo at mahahalagang detalye.
- Kung wala kang dokumento, hihinto ang aplikasyon at hindi mo matatapos ang aplikasyon.
- Maaari kang makipag-ugnayan sa isang aprubadong Community Business Organization (CBO) upang makatulong sa pagkuha ng kinakailangang mga dokumento.

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Maliit na Negosyo para sa mga pangkalahatang tanong, ngunit hindi papayagang magpatuloy ang aplikasyon hangga't hindi mo naiu-upload ang kinakailangang dokumento sa bawat seksyon.
Tingnan ang kumpletong listahan ng mga kinakailangang dokumento dito.

# Mga Hindi Karapat-dapat na Negosyo

- Mga non-profit na organisasyon (kabilang ang mga Simbahan o iba pangrelihiyosong organisasyon)
- Mga landlord (Schedule E Passive Income)
- Mga negosyo o kumpanyang hawak sa trust
- Mga negosyo na gumagamit lamang ng P.O. box bilang kanilang address, nag-ooperate mula sa pansamantalang shared space (hal. WeWorks), atbp.
- Mga negosyo na nakikibahagi sa propesyonal na serbisyo tulad ng legal/law, accounting at real estate.
- Mga negosyong nagbebenta ng droga o gamit ng droga (kabilang ang mga tindahan ng alak at smoke shops)
- Mga prangkisa na pag-aari ng korporasyon
- Pribadong social clubs
- Mga tindahan ng payday loan, pawnshop at iba pang kompanyang sangkot sa pagpapautang, gaya ng mga bangko, finance companies at anumang kompanyang ang kalakal ay pera
- Mga kompanyang sangkot sa spekulatibong aktibidad (hal. day trading, stock market exchange facilitators)
- Mga kompanyang pang-siguridad tulad ng life, auto, home, bail bonds at iba pang katulad na entidad
- Astrolohiya, pagbabasa ng palad, tarot, atbp.
- Mga night club, tindahan ng adult books at anumang negosyo na nagpapakita ng live o ibang pagtatanghal na may  sekswal na tema
- Mga negosyong sugal (hal. pasugalan, casino, bingo hall)
- Mga trailer-storage yard atjunkyard
- Mga tindahan ng baril o bala
- Multi-sales distribution at multi-level marketing
- Mga kompanya o negosyo na naglalaan ng 50% o higit pa ng kanilang oras o yaman sa mga gawaing pang-lobby
- Mga tanggapan o ahensya ng pamahalaan
- Iba pang mga negosyo na maaaring ituring na hindi kwalipikado ng DEO, batay sa impormasyong isinumite ng  aplikante


# Pagkumpleto ng Iyong Aplikasyon

department of economic opportunity

COUNTY OF LOS ANGELES


# Paano Simulan Ang Aplikasyon

- Visit the application website [https://lacsmallbizresiliency.aidkit.org/apply](https://lacsmallbizresiliency.aidkit.org/apply)
- Kumpletuhin ang mga hakbang ng aplikasyon na kasunod para upang makapagsimula ng bagong aplikasyon



# Hakbang 1: Welcome


Piliin ang iyong nais na wika (Ingles o Espanyol) upang makumpleto ang aplikasyon.



# Hakbang 1: Welcome

**Simulang Ang Iyong Aplikasyon** Kung handa nang magsimula, piliin ang *"Next"* o *"Start New Application".*

**Pagpapatuloy Ng Iyong Aplikasyon** Upang ipagpatuloy ang isang aplikasyon na sinimulan na dati, piliin ang *"Resume Previous Application*". Pagkatapos, ilagay ang numero ng telepono o email address na ginamit mo noong sinimulan mo ang iyong aplikasyon. Matapos ma-verify ang iyong contact information gamit ang 6-digit na code, hihingan ka na ipagpatuloy ang iyong aplikasyon at magpatuloy mula sa iyong huling tinigilan.




## Hakbang 2: Mga Madalas Na Itanong (FAQS)

Suriin ang mga madalas itanong (FAQs) upang ihanda ka para sa proseso ng aplikasyon.


Makikita rin ang FAQs dito: **https://lacsmallbizresiliency.aidkit.org/p/faqs**

Tingnan ang kumpletong listahan ng mga dokumeto dito.



# Hakbang 3: Pahintulot Na Mag-Apply

Suriin at tanggapin ang mga patakaran ng programa tungkol sa privacy ng datos.



## Consent to Apply

**Data Privacy**

- I authorize AidKit, Southern California Grantmakers, and Los Angeles County's Department of Economic Opportunity to collect and use my personal information for the purpose of verification and fraud prevention, program communications, eligibility determination, payment processing, evaluation of program impact, and improvement of the AidKit platform and future Los Angeles County programming.
- I authorize AidKit, Southern California Grantmakers, and Los Angeles County's Department of Economic Oppo contact information to reach out with additional i programs, and services related to the **LA County Resiliency Fund** and other programs offered by
- Personal information can include identity informa government ID, image/video), contact details, de employment data or my financial information.
- This information may be shared with program ad identity verification services, or payment process by the rules of applicable program or by law).
- I understand that my data will not be sold to adve party partners and that my privacy will be maintai be used to provide the program service describe application, improve features, and communicate to this application and to share information relate recovery services. I understand that my data will accordance with this policy and will not be used f purposes or sold to external advertisers.

**Your Privacy Acknowledgments**

We collect the information you provide to process your application and, if eligible, deliver program benefits. Please see our Privacy Policy for details on what data we collect, how we use it, and your privacy rights.

By moving forward with this application, you confirm:

- **I understand** I may request access to, correction of, or deletion of my information.
- **I understand** if deleting my data would prevent AidKit from delivering services, detecting fraud, or meeting legal requirements, my deletion requests may not be possible. AidKit will only retain what's necessary and will securely delete it once it is no longer required.
- **I understand** AidKit will not sell my personal information under any circumstances.
- **I understand** I may withdraw consent to receive program-related communications at any time by contacting privacy@aidkit.cloud.


*By moving forward with this application, I accept these terms, agree to receive program-related communications and acknowledge that AidKit will use my information to process my application and provide program services, as described in the Privacy Policy.*

- ○ Yes, I consent.
- ○ No, I do not consent.

## Hakbang 4: Contact Information


Ibigay ang iyong pangunahing contact information.


- Ilagay ang iyong kumpletong legal na pangalan gaya ng nakasaad sa iyong ID na ibinigay ng pamahalaan.
- *Tandaan: Dapat ikaw ang mayoryang may-ari ng negosyo upang makumpleto ang aplikasyon na ito.*
- Ilagay ang iyong petsa ng kapanganakan (dapat 18 taong gulang o mas matanda upang makapag-apply).
- Ibigay ang iyong numero ng telepono (gagamitin para sa komunikasyon at beripikasyon).
- Ilagay ang iyong email address (makakatanggap ka ng mga update tungkol sa aplikasyon sa ibinigay na email).




# Hakbang 4: Kumpirmasyon Sa Pakikipag-ugnayan

Hihilingin sa iyo na beripikahin ang impormasyong ibinibigay mo sa pakikipag-ugnayan. Isang verification code ang ipapadala sa iyong email at telepono.







# Hakbang 5: Tungkol Sa Iyong Negosyo

Sa bahaging ito, magbibigay ka ng impormasyon tungkol sa iyong negosyo. Kung ipinapakita ng iyong mga sagot na ang iyong negosyo ay **hindi** tumutugon sa mga kinakailangan para maging kwalipikado sa programa, hihinto ang aplikasyon at hindi ka makakapagpatuloy. Sasagutin mo ang mga tanong tungkol sa:

- Ang epekto na naranasan ng iyong negosyo at ang uri ng pagkaantala
- Ang pagmamay-ari ng iyong negosyo, uri ng negosyo, at legal na estruktura
- Ang address ng iyong negosyo at legal na pangalan ng negosyo gaya ng nakasaad sa mga dokumento ng buwis o pagsasama (incorporation)
- Ang iyong EIN at SOS number (kung naaangkop sa uri ng iyong negosyo)
- Mga tanong pang-demograpiko tungkol sa iyo at sa iyong negosyo
- Ang iyong insurance coverage, bilang ng empleyado, taunang kita, sektor ng industriya, mga serbisyong inaalok, at mabuting katayuan.



# Hakbang 5: Tungkol Sa Iyong Negosyo

Sa bahaging ito, hihilingin din sa iyo na tukuyin kung  saan ka pangunahing nagpapatakbo ng iyong negosyo. Sa susunod na bahagi ng aplikasyon, hihingan ka ng partikular na dokumento upang beripikahin ang uri ng negosyong iyong pinapatakbo.

Tiyaking maingat na basahin ang bawat opsyon, at kung  paano ito tinutukoy ng programa bago gumawa ng iyong pagpili.

Kung wala sa mga opsyon ang akmang nababagay, makipag-ugnayan sa AidKit support team sa (213) 770-6148 o support@lacsmallbizresiliency.aidkit.org para sa gabay. Kailangan mong gumawa ng pagpili upang maipagpatuloy ang iyong aplikasyon.

**Where do you mainly operate your business? (pick one)**

- (selected) I **own or rent a space** *(not my home)* that customers visit regularly. I operate from a **brick and mortar commercial** location.
- I run my business **from my home**, and customers come to me there. I operate a **home-based business.**
- I **travel to meet my customers** where they are and don't have a fixed location. I operate as an **independent contractor** or **service provider.**
- I run a **sidewalk business** where customers come to me (truck, cart, stand, or market). I operate as a **sidewalk vendor.**
- I run my business **entirely online** and never meet customers in person. I operate an **online-only business.**

A **brick and mortar** commercial business means you own or rent a space outside of your home (you do not live there) where customers regularly visit.

For example, this could be a shop, restaurant, barbershop, salon, gym, studio, or office.

It must be **located in a commercial zone** and have an establishment license or permit to legally operate. Shared spaces such as WeWorks and P.O. Boxes do not qualify.

Please confirm this is your business type, or change your answer above. If none of the options seem to fit, reach out to us at (213) 770-6148 or support@lacsmallbizresiliency.aidkit.org before proceeding and we'll help you get it sorted.

# Pag-upload ng Dokumento

Sa susunod na bahagi ng aplikasyon, mag-a-upload ka ng mga dokumento upang suportahan ang beripikasyon ng pagpapatakbo at pagiging kwalipikado ng iyong negosyo.

Dapat mong i-upload ang mga kinakailangang dokumento upang makumpleto ang aplikasyon. Lahat ng dokumento ay dapat tumutugma sa impormasyong ibinigay sa iyong aplikasyon.

Kung wala kang dokumento, hihinto ang aplikasyon. Maaari kang bumalik anumang oras bago ang deadline ng aplikasyon na **Oktubre 31, 2025 sa ganap na 5:00 PM PST** upang makumpleto ang aplikasyon. Kung hindi ka makakabalik upang mag-upload ng mga dokumento bago ang deadline, magiging hindi kwalipikado ang iyong aplikasyon.

Pagkatapos maisumite ang iyong aplikasyon, hindi ka na makakabalik sa iyong aplikasyon upang i-update o baguhin ang isang dokumento. Tiyakin na tama ang lahat ng dokumento bago isumite. Kung mapili para sa pagsusuri, maaari ka naming kontakin para sa karagdagang impormasyon tungkol sa isang dokumento.

Kung kailangan mo ng tulong sa pag-unawa ng iyong pagiging kwalipikado o kung tinatanggap ang isang dokumento, maaari kang tumawag sa LA County Office of Small Business sa (844) 432-4900 para sa karagdagang suporta. Bagama’t hindi nila maaaring kumpletuhin ang iyong aplikasyon para sa iyo, o lampasan ang pagkolekta ng dokumento, maaari ka nilang suportahan sa pag-unawa kung ang dokumento na mayroon ka ay katanggap-tanggap para sa programa.


Iclick **dito** para sa listahan ng mga dokumentong kinakailangan upang makumpleto ang aplikasyon.

## Hakbang 6: Pagkolekta ng Dokumento ng Pagkakilanlan

Sa bahaging ito, hihilingin sa iyo na mag-upload ng mga dokumento upang beripikahin ang iyong pagkakakilanlan.

Upang makumpleto ang beripikasyon ng pagkakakilanlan, kukuha ka ng live na larawan ng iyong sarili. Maaari kang makatanggap ng link upang makumpleto ito sa pamamagitan ng text o email, o kumpletuhin ito sa iyong desktop computer.

Para sa kumpletong listahan ng mga kinakailangang dokumento, bisitahin dito.



Identity Document Collection

**Please upload a photo ID from the list below. You may submit expired state or federally issued photo IDs as proof of identity, provided they are no more than one year past their expiration date at the time of application.**

- California Driver's Licenses
- California AB 60 Driver's Licenses
- Other Driving License (USA or Foreign)
- California State Issued ID card
- Passport (USA or Foreign)
- Country Issued ID (USA or Foreign)
- Government Issued ID (USA or Foreign)
- Alien Identification Card (USA Green Card)
- Military ID (USA)
- Native American tribal photo ID
- Consular ID Card
- US Employment Authorization
- Matricula Consular Card (Mexico ID)
- Other government-issued photo ID that includes name and date of birth


Please take and upload a selfie (picture of yourself).

Helpful tips:

- Make sure you are in a well-lit area.
- Hold the phone directly in front of your face (not angled upward).
- Your photo should include your full face, from shoulders up, with eyes open and looking at the camera.
- Take a new photo rather than using an old one from your camera roll.

How would you like to take a live photo of yourself and your documents?

Click here to choose an option



English

AIDKIT

Identity Verification

Please ensure you're comfortable being on camera and in a well-lit area. We will take you through the following steps below. When you're ready, click "Begin" below.

On the next few screens, you will follow these steps to confirm your identity. Don't worry, we will guide you through each step!

1

Take a photo of the front of your ID

# Hakbang 6: Pagkolekta ng Dokumento ng Negosyo

Sa bahaging ito, hihilingin sa iyo na mag-upload ng mga dokumento upang beripikahin ang pagpapatakbo at pagiging kwalipikado ng iyong negosyo. Kung ikaw ay isang sidewalk vendor o mobile na negosyo, tingnan ang susunod na pahina sa gabay na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong pag-upload ng dokumento.

Mag-a-upload ka ng mga dokumento upang suportahan ang:

- Mayoryang Pagmamay-ari, at Pangunahing Pinagmumulan ng Kita
- Taunang Kita na $6 Milyon o Mas Mababa
- Laki ng negosyo na mas mababa sa 100 empleyado
- Lokasyon ng Negosyo sa Apektadong Lugar
- Pagpapatakbo mula sa uri ng negosyong iyong pinili
- Mabuting Katayuan sa Buwis at mga Awtoridad sa Lisensya

Para sa kumpletong listahan ng mga kinakailangang dokumento, bisitahin [dito].

## Business Document Collection

**Important Information About Document Uploads.**

**Documents are required to complete this application.**
If you need to pause your application to gather your documents, you can return at any time to upload it. The application will resume where you left off.

For each document requested, you will be asked if you have the document to upload now or if you need help from a staff member in person. If you choose to get support from a staff member, your application will pause while you go in-person to receive help. **Please note**, if you go in-person for assistance, you will **still be required to upload all required documentation** for this application by the application deadline.

Once you submit your application, you will not be able to make changes or upload additional documents.

**TIP:** To ensure that your application is processed in a timely manner, if taking a picture of your documents, please hold your documents upright and within the frame. If your document is blurry, please retake the picture.

**We need to gather documentation to verify that your business was operating prior to June 1, 2025, earned less than $6 million in gross revenue, and that you are the majority owner.**

**To verify this information we need your 2023 or 2024 tax return including your schedule C, showing:**

- Owner's full name
- Business name
- Business address
- Gross receipts or business income (even if $0, indicates business was active or maintained)
- Ownership status (Schedule C)

**Do you have your 2023 or 2024 tax document?**

- (●) Yes, I have my tax document
- ( ) No, I do not. I will call the LA County Office of Small Business at (844) 432-4900 for additional support.
- ( ) No, I do not. My business has been open less than 1 year and I have not yet filed this tax document

**Upload your document(s) here.**

*NOTE: You may only upload 20 pages at a time. If you need to upload more than 20 pages, you will need to separate them into different documents and upload them separately.*

Upload Document | Take Photo

Select or drag files here to upload

# Hakbang 6: Pagkolekta ng Dokumento ng Negosyo (Mga Sidewalk Vendor at Mobile na Negosyo)

Lahat ng sidewalk vendor at mobile na negosyo ay **dapat sumailalim sa personal na beripikasyon** kasama ang isa sa aming mga katuwang sa komunidad upang makumpirma ang mahahalagang detalye tungkol sa iyong negosyo upang maiproseso namin ang iyong aplikasyon.


**Kung walang ganitong beripikasyon, magiging hindi kwalipikado**

**ang iyong aplikasyon.**

Maaari ka ring mag-upload ng mga opsyonal na dokumento upang higit pang ma-beripika ang iyong negosyo. Hindi nito ginagarantiya ang pagpili para sa pondo, ngunit pinapataas nito ang iyong tsansa na mapili. Kung mayroon ka ng mga dokumentong ito, lubos na hinihikayat kang i-upload ito.

**Maaari mong opsyonal na i-upload ang:**

- California Seller's Permit
- Rehistrasyon ng Fictitious Business Name (DBA)
  - Dapat ay naibigay o na-renew sa loob ng nakaraang 5 taon
- Sertipiko ng Rehistrasyon sa Sidewalk Vending ng LA County (SVRC)
  - Dapat ay naibigay o na-renew sa loob ng nakaraang 12 buwan
- Isang sidewalk vending permit mula sa isang Lungsod sa loob ng LA County (hal., LA City Sidewalk & Park Vending Permit mula sa StreetsLA)
  - Dapat ay naibigay o na-renew sa loob ng nakaraang 12 buwan
- Permit mula sa Pampublikong Kalusugan ng LA County (Compact Mobile Food Operation CMFO)
  - Dapat ay naibigay o na-renew sa loob ng nakaraang 12 buwan


## Vendor Document Collection

You indicated in this application that you are a **sidewalk vendor.** All sidewalk vendors **must complete an in-person verification** with one of our community partners. This step confirms key details about your business so we can process your application. **Without this verification, your application will be ineligible.** At the end of the application, you will see instructions on how to complete this step and where to go. We will also email this information after you submit this application.

**In addition to in-person verification,** you may **upload optional documents** to further verify your business. Uploading this documentation does not guarantee you will be selected for funding, however it does increase

you have this document

If you do not wish to upl

continue with your appli

**Below is the list of optional documentation for street vendors.**

- California Seller's Permit
- Fictitious Business Name (DBA) Registration
  - Must be issued or renewed within the past 5 years
- Sidewalk & Park Vending Permit (StreetsLA)
  - Must be issued or renewed within the past 12 months
- Sidewalk Vending Registration Certificate (SVRC)
  - Must be issued or renewed within the past 12 months
- Public Health Permit (Compact Mobile Food Operation – CMFO)
  - Must be issued or renewed within the past 12 months

**Please select which documents you have available for upload.**

- ☐ California Seller's Permit
- ☐ Certified copy of your Fictitious Business Name (DBA) Registration
- ☐ Sidewalk & Park Vending Permit (StreetsLA)
- ☐ Sidewalk Vending Registration Certificate (SVRC)
- ☐ Public Health Permit (Compact Mobile Food Operation – CMFO)
- ☐ I have none of these permits

## Hakbang 7: AidKit Experience Survey

Bago repasuhin ang iyong aplikasyon para sa pagsusumite, hihilingin sa iyo na kumpletuhin ang isang opsyonal na survey tungkol sa iyong karanasan sa pagsagot ng aplikasyon gamit ang AidKit platform.

Ang AidKit ay ang kumpanyang teknolohiya na namamahala sa aplikasyon ng programa at nagpapadala ng mga bayad.

Ang iyong puna ay tumutulong sa AidKit upang matiyak na positibo, madali, at may dignidad ang karanasan para sa mga tatanggap sa hinaharap. Ang mga tanong ay dapat sagutin sa loob ng mas mababa sa 3 minuto.

Opsyonal ang mga tanong na ito, at ang iyong mga sagot ay hindi makakaapekto sa iyong pagiging kwalipikado para sa programa. Kung nais mong lampasan ang mga tanong, piliin lamang ang **“***Next”.*

### AidKit Recipient Experience Questions


You are almost done with the application, but we would like to take a moment to receive any feedback on your experience so far.

AidKit is the technology company that manages the program application and sends payments. Your feedback is crucial for us to ensure a positive, easy, and dignified experience for future recipients. To help us improve, we have a few questions for you about your experience that will take less than 3 minutes to answer.

Thank you for your time and your honest responses!

**Please answer the question below using the satisfaction scale.**


*Note: AidKit is the application platform, sends out notifications to keep you informed about the process, and distributes payments.*




**0/3 completed**


# Hakbang 8: Suriin at Isumite

- Maingat na suriin ang lahat ng ipinasok na impormasyon para sa kawastuhan.
- Kumpletuhin ang pagpapatunay, na nagsasaad — sa abot ng iyong kaalaman — na lahat ng ipinasok na impormasyon ay totoo at tama.
- Ang ilang negosyo ay maaaring kailangang magtungo nang personal sa isang Samahang Negosyong Pangkomunidad (CBO) upang makumpleto ang beripikasyon ng kanilang aplikasyon. Tingnan ang higit pang detalye tungkol sa prosesong ito sa susunod na pahina ng gabay na ito.
- **Tandaan:** Pagkatapos isumite ang iyong aplikasyon, hindi ka na makakabalik upang gumawa ng mga pagbabago. Tiyakin na lahat ng impormasyong ipinasok at mga dokumentong in-upload ay tama bago isumite.



# Hakbang 8: Beripikasyon ng CBO

- Ang mga aplikanteng nagpapatakbo sa labas ng mga pederal na enforcement zones at lahat ng sidewalk vendor ay kinakailangang kumpletuhin ang personal na beripikasyon sa isang Community Based Organization (CBO).
- Kung kinakailangan mong gawin ito, makikita mo ang gabay sa seksyong Suriin at Isumite ng iyong aplikasyon na nagdedetalye kung bakit ito kailangan para sa iyong negosyo at kung anong mga hakbang ang dapat gawin.
- Ang beripikasyon ng CBO **ay dapat makumpleto bago ang deadline ng aplikasyon** sa Biyernes, Oktubre 31 nang 5:00 PM PST, kung hindi ay **magiging hindi kwalipikado ang iyong aplikasyon.**
- Kung kinakailangan ang beripikasyon ng CBO, makakatanggap ka ng email na may mas detalyadong impormasyon at listahan ng mga kalahok na CBO. Kailangan mong ipakita ang email na ito sa katuwang na CBO upang makatanggap ng suporta.
- Ang iyong aplikasyon ay maisusumite bilang pending hanggang makumpleto ang hakbang na ito.



**Community Verification Required**


Based on the information you've provided in your application, we need additional information to confirm your business address and verify that your business was impacted. This will **require in-person verification** with one of our community partners. **Without this verification, your application will be ineligible.**

Our community partners are trusted local organizations here to support you. The information you provide will only be used to confirm your application and will be kept secure and confidential.

**To complete verification:**

- Visit one of our community partner locations (no appointment required).
- Bring the same identification document you uploaded in your application and any other required documents when you arrive. Our partners will use this to confirm your identity and locate your application.
- Verification must be comp
**5:00 PM PST.**

**View the list of participatin**
**required documents** here.
**before** going in person.



**I, Example Example, certify that, to the best of my knowledge, the information provided as part of this application is true, correct, and complete.**

Signed by Example Example
2025-09-27T14:24:52.173Z
7c2620b5-b414-4176-a747-ddb3d28a1118


Submit My Pending Application

# Hakbang 8: Suriin at Isumite

I-click ang "Submit" kapag nasuri na ang lahat.

Pagkatapos ng pagsusumite, makakatanggap ka ng email na nagkukumpirma ng pagtanggap sa iyong aplikasyon, at anumang susunod na hakbang na maaaring kailanganin para sa iyong negosyo.

Mula sa support@lacsmallbizresiliency.aidkit.org



# Suporta at Tulong sa Aplikasyon

💡**Kailangan ng tulong?** Kung nagkakaroon ka ng teknikal na problema sa pagsusumite ng iyong aplikasyon o may mga pangkalahatang tanong, maaari kang makipag-ugnayan sa AidKit Support Team:

📞 Mag-text o Tumawag: (213) 770-6148 o
📧Email: support@lacsmallbizresiliency.aidkit.org

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Maliit na Negosyo para sa pangkalahatang tulong sa:

📍4716 E. Cesar E. Chavez, Los Angeles, CA 90022.
📞 Tumawag: (844)-432-4900 (8:30am hanggang 4:00pm) o
📧Email: osb@opportunity.lacounty.gov

# Panghuling Paalala

✅ Ang mga aplikasyon ay dapat makumpleto bago ang Biyernes, Oktubre 31 sa ganap na 5:00PM PST. Wala nang aplikasyon na maaaring simulan o ipagpatuloy pagkatapos ng oras na ito.

✅ Ang mga naisumiteng aplikasyon ay hindi na maaaring baguhin.

✅ Limitado ang pondo at hindi garantisado.

✅ Manatiling may alam—ang mga susunod na update ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng email o text.

**Sa pagsunod sa gabay na ito, mauunawaan mo ang mga kinakailangan at magiging mas maayos ang proseso ng aplikasyon. Kung mayroon kang mga katanungan, huwag mag-atubiling humingi ng tulong!**

department of economic opportunity
COUNTY OF LOS ANGELES